



**Child Safe
Organisations**
National Principles



Ang Australian Human Rights Commission ay naghihikayat sa pagpapalaganap at pagpapalitan ng impormasyon na pinresenta sa publikasyong ito at nag-eendorso sa paggamit ng [Australian Governments Open Access and Licensing Framework \(AusGOAL\)](#).



Ang lahat ng materyal na pinresenta sa publikasyong ito ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution 4.0 International License, maliban sa:

- mga litrato at imahe;
- logo ng Commission, anumang mga tatak-pangalan (branding) o markang-kalakal (trademark);
- nilalaman o materyal na ibinigay ng mga ikatlong partido; at
- kung may partikular na ipinapahiwatig.

Upang makita ang kopya ng lisensya na ito, bumisita sa <http://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode>

Ibig sabihin, libre kang kumopya, ipahayag at i-akma ang publikasyon, basta't ipahayag mo na galing ito sa Australian Human Rights Commission at susunod ka sa ibang mga tadhana ng lisensya.

Mangyaring ipahayag na ito ay galing sa:

© Australian Human Rights Commission 2018.

Mga Pasasalamat:

Kinikilala ng Australian Human Rights Commission na ang proyektong Mga Pambansang Prinsipyo para sa Mga Organisasyong Ligtas sa Bata ay pinopondohan ng Department of Social Services ng Pamahalaan ng Australia at ang Mga Pambansang Prinsipyo ay binuo sa ilalim ng pangangasiwa at gabay ng Mga Ministro ng Mga Serbisyo sa Komunidad sa lahat ng mga lugar ng kanilang hurisdiksyon.

Karagdagang impormasyon:

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa karapatang-ari ng publikasyong ito, mangyaring kontak ang:
Communications Unit

Australian Human Rights Commission

GPO Box 5218

SYDNEY NSW 2001

Telepono: (02) 9284 9600

Email: communications@humanrights.gov.au

Paunang Salita

Natuklasan ng Royal Commission into Institutional Responses to Child Sexual Abuse (Royal Commission sa mga Institusyonal na Pagtugon sa Sekswal na Pang-aabuso ng Bata, o Royal Commission kung pina-ikli) ang nakakagulat na pang-aabuso ng mga bata sa loob ng mga institusyon sa Australia.

Nirerekomenda ng Commission ang pagkilos upang gawing ligtas sa mga bata ang mga organisasyon sa buong bansa.

Ang pagbuo ng Mga Pambansang Prinsipyo para sa Mga Organisasyong Ligtas sa Bata (National Principles for Child Safe Organisations o National Principles kung pina-ikli) ay isang pangunahing pambansang reporma bilang pagtugon sa mga rekomendasyong ito.

Ang mga Prinsipyo ay inindorso na lahat ng mga pamahalaan ng Commonwealth, estado at teritoryo.

Nagbibigay ang mga ito ng diskarteng pinag-isa at hindi pabagu-bago sa buong bansa upang mailagay ang mga kultura para sa kaligtasan ng bata sa loob ng mga organisasyon na nagtatrabaho para sa mga bata, at kumikilos bilang behikulo upang mabigyan ng bisa ang mga rekomendasyon ng Royal Commission na nauugnay sa mga pamantayan sa kaligtasan ng bata.

Gusto kong pasalamat kayong lahat na naka-ambag sa pagbuo ng Mga Pambansang Prinsipyo at kanilang mga kasamang pampatnubay na materyal.

Ang pagbuo ng Mga Pambansang Prinsipyo ay pinangunahan ng Mga Ministro ng Mga Serbisyo sa Komunidad sa kabuuan ng Australia sa ilalim ng *Third Action Plan 2015-2018 of the National Framework for Protecting Australia's Children 2009-2020* at National Children's Commissioner, na si Megan Mitchell, kasama ang pagkokonsulta sa malawak na hanay ng mga sektor na nagtatrabaho para sa mga bata.

Ang mga kinatawan mula sa mga pangunahing pangkat ng adbokasiya at akademya ay nag-ambag rin, pati na ang mga bata at kabataan mismo.

Ang pagpapatibay ng Mga Pambansang Prinsipyo ay isang mahalagang hakbang upang mas maprotektahan nang mabuti ang mga bata ng Australia.

Scott Morrison

Punong Ministro ng Australia

Tagapangulo ng Council of Australian Governments (Konseho ng Mga Pamahalaan ng Australia)

Pambungad

Ang isang malawak na hanay ng mga organisasyon ay nagtatrabaho para sa mga bata at kabataan sa kabuuan ng Australia. Ang mga ito ay maaaring maliliit at nakabase sa komunidad, katulad ng mga sports club o mga playgroup kung saan ang mga pamilya at miyembro ng komunidad ay boluntaryong nag-aambag, hanggang sa mas mataas na organisadong istruktura katulad ng mga paaralan, ospital at mga simbahan. Maaari ring silang mga negosyo o organisasyon na nagpapatrabaho ng kawani at/o boluntaryo na nagbibigay ng serbisyo sa at nagtatrabaho para sa mga bata at mga kabataan. Ang ilan ay maaaring nagtatrabaho na tumatawid sa mga hangganan ng estado.

Sa 2013, itinatag ng Pamahalaan ng Australia ang Royal Commission into Institutional Responses to Child Sexual Abuse (Royal Commission) bilang pagtugon sa ikinababahala ng komunidad tungkol sa malawakang mga ulat ng mga kaso kung saan nabigo ang mga institusyon ng Australia sa pagprotekta ng mga bata laban sa pang-aabusong sekswal. Ang mga huling rekomendasyon ng Commission ay nagbibigay-diin na ang mga miyembro ng publiko, mga bata at kabataan, mga magulang, mga tagapag-alaga, mga pamilya at komunidad ay dapat makaramdam ng tiwala na ang mga organisasyon na nagtatrabaho para sa mga bata ay nagbibigay ng mga ligtas na kapaligiran kung saan ang mga karapatan, pangangailangan at interes ng mga bata ay natutugunan.

Ang Mga Pambansang Prinsipyo ay batay sa trabaho ng Royal Commission, Australia's Children's Commissioners and Guardians at ng 2005 National Framework for Creating Safe Environments for Children.

Nagbibigay sila ng pambansang diskarte upang mailagay ang kultura para sa kaligtasan ng bata sa kabuuan ng lahat ng mga sektor ng lipunan ng Australia kung saan sangkot ang mga bata.

Itinatag sa pamamagitan ng diskarteng alinsunod sa mga karapatan ng bata at batay sa mga pamantayang nirerekomenda ng Royal Commission, ang Mga Pambansang Prinsipyo at dinisenyo upang makabuo ng kapasidad at ihatid ang kaligtasan at kapakanan ng bata sa mga organisasyon, pamilya at komunidad at hadlangan ang kapahamakan nila sa hinaharap. Upang pahintulutan ang pleksibilidad sa pagpapatupad at bilang pagkilala sa iba't ibang uri, laki at kapasidad ng mga organisasyon, binalangkas ng Mga Pambansang Prinsipyo sa mataas na antas ang 10 elemento na mahalaga para maging ligtas ang isang organisasyon para sa mga bata.

Binibigyang-diin ng Mga Pambansang Prinsipyo ang kahalagahan ng mga kapaligiran at gawi na ligtas alinsunod sa kultura ng mga bata at kabataang Aboriginal at Torres Strait Islander. Ang mga pamilya at komunidad ng Aboriginal at Torres Strait Islander ay mas malamang na akses sa mga serbisyo na ligtas alinsunod sa kanilang kultura at makakaranas ng mas mabuting kalalabasan sa mga serbisyong iyon. Kabilang dito ang pagpapabuti ng paraan kung paano nakikisalamuha ang mga organisasyon sa mga batang Aboriginal at Torres Strait Islander at sa kanilang mga pamilya, na kinikilala ang epekto ng trauma na nananalaytay sa magkakasunod-sunod na henerasyon, at gumagalang sa kaibahan ng kultura.

Ang Mga Pambansang Prinsipyo ay sama-samang nagpapakita na ang organisasyong ligtas sa bata ay yaong lumilikha ng isang kultura, nagsasagawa ng mga estratehiya at kumikilos upang itaguyod ang kapakanan ng bata at maiwasan ang pinsala sa mga bata at kabataan. Ang organisasyong ligtas sa bata ay sadya at sistematikong:

- lumilikha ng kapaligiran kung saan ang kaligtasan at kapakanan ng mga bata ay ang sentro ng pag-iisip, mga pinapahalagahan at pagkilos.
- nagbibigay-diin sa totoong pakikisalamuha sa, at pagpapahalaga ng mga bata
- lumilikha ng mga kondisyon na nagbabawas sa posibilidad na mapahamak ang mga bata at kabataan
- lumilikha ng mga kondisyon na nagdadagdag ng posibilidad ng pagtukoy sa anumang kapahamakan
- tumutugon sa anumang mga ikinababahala, pagsisiwalat, mga paratang o hinala.

Ang pagpapatibay at paglalapat ng mga pambansang prinsipyo sa kaligtasan ng bata sa anumang institusyon o organisasyon sa kabuuan ng Australia, kung saan sangkot ang mga bata, ay isang makabuluhang milyahe sa pagtataguyod ng kaligtasan at kapakanan ng bata.

Gulong ng Kaligtasan ng Bata



Mga Pambansang Prinsipyo para sa mga Organisasyong Ligtas sa Bata

1. Ang kaligtasan at kapakanan ng bata naka-embed sa pamumuno, pamamahala at kultura ng organisasyon.
2. Ipinapaalam sa mga bata at kabataan ang kanilang mga karapatan, at sila ay sumasali sa mga desisyon na nakakaapekto sa kanila at sineseryoso sila.
3. Ang mga pamilya at komunidad ay binibigyang-alam at sangkot sa pagtaguyod sa kaligtasan at kapakanan ng bata.
4. Itinataguyod ang pagiging patas at iginagalang ang magkakaibang pangangailangan sa patakaran at gawi.
5. Ang mga taong nagtatrabaho kasama ang mga bata at kabataan ay angkop at sinusuportahan upang sumalamin sa mga pinapahalagahan sa kaligtasan at kapakanan ng bata sa pamamalakad ng organisasyon.
6. Ang mga proseso ay tumutugon sa mga reklamo at ikinababahala na nakatuon sa bata.
7. Ang kawani at mga boluntaryo ay mayroong kaalaman, kasanayan, at kamalayan upang panatilihin ang mga bata at kabataan sa pamamagitan ng patuloy na edukasyon at pagsasanay.
8. Ang pisikal at online na kapaligiran ay nagtataguyod sa kaligtasan at kapakanan habang binabawasan nang mabuti ang mga oportunidad para mapahamak ang mga bata at kabataan.
9. Ang pagpapatupad ng mga pambansang prinsipyo sa ligtas na bata ay regular na susuriin at papahusayin.
10. Ang mga patakaran at pamamaraan ay nagdodokumento sa kung gaano kaligtas ang organisasyon para sa mga bata at kabataan.

Patnubay

Niratipika ng Australia ang United Nations Convention on the Rights of the Child (CRC) noong 1990. Sa ilalim ng Convention, ang mga bata, katulad ng mga taong nasa hustong gulang, ay nagtataglay ng mga karapatang pantao. May karapatan rin sila sa espesyal na proteksyon dahil madali silang maging biktima ng pansasamantala at pang-aabuso. Sa ilalim ng Convention, ang bata ay tinutukoy bilang bawat tao na wala pang labing walong taong gulang.

Ang sumusunod na pahina ay nagbibigay ng detalyadong patnubay sa bawat isa sa mga prinsipyo upang suportahan ang pagpapatibay ng Mga Pambansang Prinsipyo sa kabuuan ng lahat ng organisasyon na nakikisalamuha sa mga bata sa kabuuan ng Australia.

Para sa bawat prinsipyo, nagbibigay ang patnubay ng:

- layunin at mga pangunahing elemento ng prinsipyo
- mga pangunahing larangan ng pagkilos, na nagpapakita kung saan dapat kumilos ang mga organisasyon upang lumikha ng kultura sa kaligtasan ng bata
- mga tagapagpahiwatig na sinusunod ang prinsipyo, na nagbibigay ng mga praktikal na halimbawa sa mga palatandaan na epektibong nailagay sa lugar ang prinsipyo
- mga sanggunian sa mga halimbawa ng nauugnay na mga Artikulo ng CRC.

Ang patnubay na ito ay nilalayon upang suportahan ang mga organisasyon upang hindi pabagu-bago at epektibong isakatuparan ang Mga Pambansang Prinsipyo. Ito ay nilalaan bilang gabay sa pinakamahusay na gawi at nagpapahintuloy sa pleksibilidad sa pagpapatupad at bilang pagkilala sa iba't ibang uri, laki at kapasidad ng mga organisasyon.

Isang pangkat ng mga tool at rekurso upang suportahan ang pagpapatupad ng Mga Pambansang Prinsipyo sa loob ng mga institusyon ay maaaring ma-akses sa pamamagitan ng website ng National Office for Child Safety (Pambansang Tanggapan para sa Kaligtasan ng Bata) (<https://pmc.gov.au/domestic-policy/national-office-child-safety>).

Prinsipyo 1

Ang kaligtasan at kapakanan ng bata ay naka-embed sa pamumuno, pamamahala at kultura ng organisasyon.

Artikulo 3 ng Convention on the Rights of the Child (CRC): Ang lahat ng mga taong nasa hustong gulang ay dapat gawin ang pinakamabuti para sa mga bata. Kapag gumagawa ng desisyon ang mga taong nasa hustong gulang, kailangan nilang pag-isipan kung paano makakaapekto ang kanilang mga desisyon sa mga bata.

Ang prinsipyong ito ay nagbibigay ng patnubay sa papel na ginagampanan ng pamumuno at pamamahala ng organisasyon sa pagtataguyod ng mga inklusibo at nakakaengganyong kapaligiran para sa mga bata at kabataan, isang kultura ng pagpananagot at ang mga paraan kung paano binuo at pinananatili ang isang kultura para sa kaligtasan ng bata.

Ang pagpapatibay ng prinsipyong ito ay nagpapakita na ang organisasyon ay dedikado sa kaligtasan at kapakanan ng bata sa lahat ng lebel ng organisasyon. Ang mga pagsasaayos ng pamamahala ay walang tinatago at kasama ang patakaran sa kaligtasan at kapakanan ng bata, gabay sa gawi, isang Code of Conduct at balangkas sa pangangasiwa ng panganib. Ang mga pagsasaayos ng pamamahala ay naiiba depende sa uri, katangian at laki ng organisasyon. Ang namumuno ng organisasyon ay nagbibigay ng kapaligirang nagbibigay awtorisasyon para sa pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa mga panganib sa mga bata at kabataan.

Mga pangunahing lugar ng pagkilos:

- 1.1 Nangangako ang organisasyon sa publiko na magiging dedikado tungkol sa kaligtasan at kapakanan ng bata.
- 1.2 Ang kultura para sa kaligtasan ng bata ay ipinagtatanggol at minomodelo sa lahat ng mga lebel ng organisasyon mula sa itaas pababa at mula sa ibaba pataas.
- 1.3 Ang pagsasaayos ng pamamahala ay nagpapabilis sa pagpapatupad ng patakaran sa kaligtasan at kapakanan ng bata sa lahat ng mga lebel.
- 1.4 Ang Code of Conduct ay nagbibigay ng mga patnubay para sa mga inaasahang pamantayan sa pag-uugali at responsibilidad ng kawani at mga boluntaryo.
- 1.5 Ang mga estratehiya sa pangangasiwa ng panganib ay nakatuon sa paghadlang, pagtukoy at pagbabawas ng mga panganib sa mga bata at kabataan.
- 1.6 Naiintindihan ng kawani at mga boluntaryo ang kanilang obligasyon sa pagbabahagi ng impormasyon at pagtatala at pagtatabi ng rekord.

Mga tagapagpahiwatig na sinusunod ang prinsipyong ito:

- Naipapakita ng organisasyon na mayroon silang mga kasalukuyang dokumento na maaaring makuha ng publiko katulad ng patakaran sa kaligtasan at kapakanan ng bata, patnubay sa gawi, mga protokol sa pagbabahagi ng impormasyon, mga code of conduct ng kawani at boluntaryo at mga estratehiya sa pangangasiwa ng panganib.
- Ang mga namumuno sa organisasyon ay nagmomodelo at regular na nagpapalakas sa mga saloobiin at pag-uugali na nagpapahalaga sa mga bata at kabataan at nangangako sa kaligtasan ng bata, kapakanan ng bata, at kaligtasan ng kultura. Ang pangako na ito ay malinaw sa mga pahayag ng tungkulin, mga kasunduan sa pagganap at mga proseso sa pagsusuri ng kawani at boluntaryo.
- Ang kawani, mga boluntaryo, mga bata at kabataan ay may mabuting kaalaman sa mga karapatan ng mga bata, kabilang ang kanilang mga karapatan upang maramdamang ligtas sila at may nakikinig sa kanila, at mga pananagutan na kasama sa mga karapatan na ito.
- Itinataguyod ng mga namumuno ang pagbabahagi ng mabuting gawi at natututunan tungkol sa kaligtasan at kapakanan ng bata.

Prinsipyo 2

Ipinapaalam sa mga bata at kabataan ang kanilang mga karapatan, at sila ay sumasali sa mga desisyon na nakakaapekto sa kanila at sineseryoso sila.

Artikulo 12 ng CRC: Ang mga bata ay may karapatan upang magbigay ng kanilang opinyon, at para pakinggan ito ng mga taong nasa hustong gulang at seryosohin ito.

Ang prinsipyong ito ay naglalarawan ng isang kulturang pang-organisasyon na sumusuporta sa mga bata at kabataan upang maunawaan kung ano ang ibig sabihin ng kaligtasan at kapakanan ng bata. Ipinagbibigay-alam sa kanila ang tungkol sa kanilang mga karapatan at responsibilidad sa paraang angkop sa kanilang edad. Umaambag at aktibo silang sumasali sa pagbuo ng kulturang pang-organisasyon na ligtas para sa kanila.

Alam ng mga bata at kabataan ang tungkol sa pangako ng organisasyon sa kaligtasan at kapakanan ng bata at nag-aakses ng nauugnay na impormasyon at mga programa. Nakikilala nila ang mga ligtas na kapaligiran at naiintindihan ang mga pamproteksiyong estratehiya. Sa ganoong mga kapaligiran, ang mga bata at kabataan ay komportable sa pagsali sa mga desisyon at pagpapahayag sa kanilang mga pananaw at ikinababahala. Gayunpaman, sa huli ang responsibilidad para sa kaligtasan at kapakanan ng bata sa isang organisasyon ay nakasalalay sa organisasyon at mga manggagawa nito.

Ang kawani at mga boluntaryo ay nagpapahalaga at gumagalang sa pagkakakilanlan at kultura ng mga bata at kabataan, komportable at may kasanayan sila sa pakikisalamuha sa mga ito, naiintindihan nila ang mga pangangailangan sa kanilang paglaki at ginagamit ang mga kakayahan at kapasidad ng mga bata at kabataan upang mapabuti ang kanilang pagganap.

Mga pangunahing lugar ng pagkilos:

- 2.1 Ang mga bata at kabataan ay binibigyang-alam tungkol sa lagat ng kanilang mga karapatan, kabilang ang kaligtasan, impormasyon, at pagsali.
- 2.2 Ang kahalagahan ng pagkakaibigan ay kinikilala at hinihikayat ang suporta mula sa mga kaedad na bata, upang matulungan ang mga bata at kabataan na makaramdam na ligtas sila at hindi hiwalay sa ibang tao.
- 2.3 Kung saan angkop sa paligid o konteksto, maaaring alukin ang mga bata na mag-akses sa mga programa sa paghadlang ng pang-aabusong sekswal at sa nauugnay na impormasyon sa paraang angkop sa edad.
- 2.4 Ang kawani at mga boluntaryo ay may kamalayan sa mga palatandaan ng pinsala o kapahamakan at napapadali ang mga paraang madali para sa bata upang maipahayag ng mga bata ang kanilang mga pananaw, sumali sa paggawa ng desisyon at iparating ang mga ikinababahala.

Mga tagapagpahiwatig na sinusunod ang prinsipyong ito:

- Ang organisasyon ay may mga programa at rekurso upang turuan ang mga bata at kabataan sa kanilang mga karapatan kabilang ang kanilang karapatan sa kaligtasan at karapatang pakinggan.
- Ang organisasyon at proactive sa pagbibigay ng mga platapormang angkop sa edad upang regular na humingi ng mga pananaw ng mga bata at kabataan at hikayatin ang pagsali sa paggawa ng desisyon.
- Ang mga kawani at boluntaryo ay may mabuting pag-unawa sa mga pangangailangan sa paglaki ng mga bata at kabataan.
- Ang mga oportunidad sa pagsali at dinodokumento at regular na sinusuri.
- Ang kapaligiran ng organisasyon ay magiliw at nakakaengganyo sa mga bata at kabataan.
- Ang mga bata at kabataan ay sumasali sa paggawa ng desisyon sa organisasyon, kabilang yaong may kaugnayan sa mga isyung pangkaligtasan at pagtukoy ng panganib.
- Nakakakilala ng mga bata at kabataan sa pinagkakatiwalaang mga taong nasa hustong gulang at mga kaibigan.
- Ipinagbibigay-alam sa mga bata at kabataan ang tungkol sa kanilang mga papel at responsibilidad sa pagtulon na masiguro ang kaligtasan at kapakanan ng kanilang mga kaedad na bata.

Prinsipyo 3

Ang mga pamilya at komunidad ay binibigyang-alam, at sangkot sa pagtaguyod sa kaligtasan at kapakanan ng bata.

Artikulo 5 ng CRC: Ang mga pamilya ay may responsibilidad upang tulungan ang mga bata na matutong gamitin ang kanilang mga karapatan, at upang masiguro na pinoprotektahan ang kanilang mga karapatan.

Binabalangkas ng prinsipyong ito ang hanay ng mga paraan na maaaring mainsangkot ng organisasyon ang mga pamilya at komunidad sa kanilang diskarte sa kaligtasan at kapakanan ng bata, mga nauugnay na patakaran at gawi at ang pagbibigay ng madaling ma-akses ng impormasyon. Tutulong ito upang malaman ng mga magulang at tagapag-alaga ang tungkol sa pagbabantay at pagprotekta sa mga bata at kabataan at upang hikayatin ang kanilang feedback at input. Bibigyan sila ng kapangyarihan upang magsalita at imaneho ang mga pag-uusap tungkol sa kaligtasan at kapakanan ng bata at kung paano at kailan sila makakaparating ng mga isyu at ikinababahala.

Ang mga pamilya ay may pangunahing responsibilidad para sa pagpapalaki ng kanilang mga anak, at alam ang mga pangunahing network sa pagprotekta ng kanilang mga anak. May iba't ibang uri ng istruktura ng mga pamilya, ng papel na maaaring gaganapin ng iba't ibang miyembro ng pamilya sa buhay ng bata, at kanilang kasaysayan at mga kultura. Ang mga pamilya at tagapag-alaga ay may pinakamainam na posisyon sa pagpapa-alam tungkol sa mga pangangailangan at kakayahan ng mga anak nila at makakapagbigay-alam sa mga organisasyon tungkol sa mga gawi at paligid na ligtas para sa kanila. Sa isang ligtas na kapaligiran, ang mga bata, kabataan, pamilya at mga miyembro ng komunidad ay nakakaramdam na ang kanilang kultura at pagkakakilanlan ay ginagalang.

Mga pangunahing lugar ng pagkilos:

- 3.1 Sumasali ang mga pamilya sa mga desisyon na nakakaapekto sa kanilang anak.
- 3.2 Ang organisasyon ay nakikisalamuha at bukas na nakikipag-usap sa mga pamilya at komunidad tungkol sa kanilang diskarte sa kaligtasan ng bata at madaling ma-akses ang nauugnay na impormasyon.
- 3.3 Ang mga pamilya at komunidad ay may impluwensiya sa pagpabuti at pagsusuri sa mga patakaran at gawi ng organisasyon.
- 3.4 Ang mga magulang, tagapag-alaga at komunidad ay binigyang-alam tungkol sa mga pagpapatakbo at pamamahala ng organisasyon.

Mga tagapagpahiwatig na sinusunod ang prinsipyong ito:

- Ang organisasyon ay tumutugon sa mga pangangailangan ng mga pamilya at komunidad, kabilang na ang mga aspeto ng kaligtasan ng kultura.
- Ang organisasyon ay lumilikha ng mga oportunidad upang maging sangkot ang mga pamilya at komunidad sa kung paano pinapatakbo ang organisasyon, kabilang na ang paghihikayat sa pagsali at feedback ng mga bata.
- Ang organisasyon ay may malinaw at madaling ma-akses na impormasyon para sa mga pamilya at komunidad tungkol sa mga pagpapatakbo at patakaran ng organisasyon, kabilang na ang patakaran sa kaligtasan at kapakanan ng bata, Code of Conduct, mga gawi sa pagtatala at pagtatabi ng rekord at mga proseso sa mga reklamo at imbestigasyon.
- Ang organisasyon ay humihingi ng feedback mula sa mga pamilya at komunidad sa mga isyu ng kaligtasan at kapakanan ng bata at nilalagay nila ito sa kanilang mga patakaran at gawi.
- Ang organisasyon ay nakikisalamuha at sumusuporta sa mga diskarte na bumubuo sa kaligtasan ng kultura sa pamamagitan ng pakikipagsosyo at mga relasyong may respetuhan sa isa't isa.

Prinsipyo 4

Itinataguyod ang pagiging patas at iginagalang ang magkakaibang pangangailangan sa patakaran at gawi.

Artikulo 2 ng CRC: Ang lahat ng mga bata ay may karapatan, kahit sino pa sila, saanman sila nakatira, anuman ang trabaho ng kanilang mga magulang, anuman ang wikang ginagamit nila, anuman ang relihiyon nila, kanilang kasarian o gender, anuman ang kanilang kultura, kung may kapansanan man sila, o kung mayaman o mahirap sila.

Itinataguyod ang pagiging patas at iginagalang ang magkakaibang pangangailangan sa patakaran at gawi.

Sinusuri ng prinsipyong ito kung paano nagbibigay-daan ang pagkilala sa magkakaibang sitwasyon ng mga bata at kabataan upang makapagtrabaho ang isang organisasyon sa paraang mas nakasentro sa bata at magbibigay ng kapangyarihan sa mga bata at kabataan upang mas epektibong makasali. Tinatayo nito ang kultura ng organisasyon na kumikilala sa mga kakayahan at indibidwal na katangian ng mga bata, at tinatanggap ang lahat ng mga bata anuman ang kanilang mga abilidad, kasarian, gender, o panlipunan, pang-ekonomiya o pangkulturang pinagmulan.

Ang isang nakakaengganyong organisasyon ay kung saan ang lahat ng mga bata at mga kabataan ay komportable at kung saan ang mga serbisyo ay ipinagkakaloob nang ligtas alinsunod sa kanilang kultura at mga inklusibong paraan. Binabawasan nito ang panganib ng diskriminasyon, hindi pagsasali, pagbubully at pang-aabuso.

Mga pangunahing lugar ng pagkilos:

- 4.1 Ang organisasyon, kabilang ang kawani at mga boluntaryo, ay nakakaunawa sa magkakaibang sitwasyon ng mga bata at kabataan, at nagbibigay ng suporta at tumutugon sa mga bata at kabataan na mas madaling mabiktima.
- 4.2 Ang mga bata at kabataan ay may akses sa impormasyon, suporta at mga proseso sa mga reklamo sa mga paraang ligtas alinsunod sa kanilang kultura, madaling ma-akses at madaling maunawaan.
- 4.3 Ang organisasyon ay partikular na nakatuon ang atensiyon sa mga pangangailangan ng mga batang Aboriginal at Torres Strait Islander, mga batang may kapansanan, mga batang mula sa ibang pinagmulang kultura at wika, mga batang hindi nakakatira sa tahanan, at mga bata at kabataang lesbian, bakla, bisexual, transgender at intersex.

Mga tagapagpahiwatig na sinusunod ang prinsipyong ito:

- Ang organisasyon ay may inilagay na mga partikular na patakaran na nagtataguyod sa pagiging patas at paggalang sa pagkakaiba ng bawat bata para sa kaligtasan at kapakanan ng lahat ng mga bata at kabataan.
- Ang organisasyon ay gumagawa ng mga materyal na madaling mabasa ng bata sa madaling ma-akses na wika at mga format na nagtataguyod sa pagiging inklusibo at nagbibigay-alam sa mga bata at kabataan sa suporta ang mga proseso sa pagreklamo na maaari nilang gamitin.
- Ang mga miyembro ng lupon, mga empleyado at mga boluntaryo na nagtatanggol sa mga saloobin at pag-uugali na gumagalang sa mga karapatang pantao ng lahat ng mga bata at kabataan, ay inklusibo, may mahusay na kaalaman at tumutugon sa mga magkakaibang pangangailangan.
- Ang mga miyembro ng lupon, kawani at mga boluntaryo ay nag-iisip kung paano gagana ang diskriminasyon at di-pagsasali, maging sinasadya o di sinasadya laban sa isang ligtas at inklusibong kultura at bumuo sila ng mga proactive na estratehiya upang tugunan ito.
- Ang kawani at mga boluntaryo ay sinanay upang makilala at epektibong tumugon sa mga bata at kabataang may magkakaibang pangangailangan.

Prinsipyo 5

Ang mga taong nagtatrabaho kasama ang mga bata at kabataan ay angkop at sinusupportahan upang sumalamin sa mga pinapahalagahan sa kaligtasan at kapakanan ng bata sa pamamalakad ng organisasyon.

Artikulo 3.3 ng CRC: Dapat tiwala ang mga bata tungkol sa mga pamantayan na itinatag sa isang organisasyon, lalo na sa mga larangan ng kaligtasan, kalusugan, bilang at pagiging angkop ng kawani, pati na rin ang pangangasiwa.

Inilalarawan ng prinsipyong ito ang mga patakaran sa pag-recruit at pagpabuti ng kawani, kabilang ang naaangkop na screening, na pundasyon ng mga organisasyong ligtas sa bata. Kabilang rin sa prinsipyong ito ang pagsasanay sa induction, pag-unawa sa mga responsibilidad sa kaligtasan ng bata at mga konsepto sa kaligtasan ng kultura, at naaangkop na pangangasiwa ng mga kawani at mga boluntaryo. Ang mga obligasyon sa pag-uulat, pagsasanay sa pagtatala at pagtatabi ng rekord at pagbabahagi ng impormasyon ay nagbibigay sa kawani at mga boluntaryo ng mga makabuluhang tool sa kanilang mga gawi sa organisasyon upang mas mahusay na pangalagaan at protektahan ang mga bata at kabataan.

Mga pangunahing lugar ng pagkilos:

- 5.1 Pagre-recruit, kasama ang pag-advertise, mga referee check, at pre-employment na screening ng kawani at boluntaryo, na binibigyang-diin ang kaligtasan at kapakanan ng bata.
- 5.2 Ang angkop na kawani at mga boluntaryo ay may mga kasalukuyang pagsusuri sa pagtatrabaho para sa mga bata o mga katumbas na pagsusuri ng kanilang background sa trabaho.
- 5.3 Ang lahat ng kawani at mga boluntaryo ay nakatanggap ng angkop na induction at alam nila ang mga reponsibilidad nila sa mga bata at kabataan, kabilang ang pagtatala at pagtatabi ng rekord, pagbabahagi ng impormasyon at mga obligasyon sa pag-uulat.
- 5.4 Ang nagpapatuloy na pangangasiwa at pamamahala sa mga tao ay nakatuon sa kaligtasan at kapakanan ng bata.

Mga tagapagpahiwatig na sinusunod ang prinsipyong ito:

- Binibigyang-diin ng organisasyon ang kanilang pangako sa kaligtasan at kapakanan ng bata kapag nag-aadvertise, nagre-recruit at nag-screen sa kawani at mga boluntaryo.
- Ang mga pahayag ng tungkulin, batayan ng pagpili at mga referee check ay nagpapakita na pinapahalagahan at ginagalang ang mga bata at kabataan, ng pangako at dedikasyon sa kaligtasan at kapakanan ng bata, pag-unawa sa mga pangangailangan sa paglaki ng mga bata at mga gawing ligtas alinsunod sa kanilang kultura.
- Ang mga empleyado, kawani at mga boluntaryo sa isang organisasyon ay nakakumpleto sa mga hinihiling para sa background check.
- Nauunawaan ng kawani at mga boluntaryo ang patakaran at mga pamamaraan sa kaligtasan ng bata at tinutugunan nila ang kanilang mga responsibilidad sa pagtatala at pagtatabi ng rekord, pagbabahagi ng impormasyon at pag-uulat.
- Ang mga nagpapatuloy na mga proseso sa suporta, pangangasiwa at pamamahala sa pagganap ng kawani ay nagsasangkot ng mga elemento sa kaligtasan ng bata.
- Pinapanatili ng organisasyon ang angkop na mga sistema at protokol sa pagtatala at pagtatabi ng rekord para sa kawani at mga boluntaryo.
- Ang organisasyon ay may hanay ng mga tool at proseso upang subaybayan at bawasan ang panganib.

Prinsipyo 6

Ang mga proseso na tumutugon sa mga reklamo at ikinababahala na nakatuon sa bata.

Artikulo 42 ng CRC: Ang mga bata ay may karapatan upang malaman ang kanilang mga karapatan! Dapat malaman ng mga taong nasa hustong gulang ang tungkol sa mga karapatang ito at tutulongan nila ang mga bata na malaman rin ito.

Ang prinsipyong ito ay nagbibigay ng patnubay kung paano madaling ma-akses, tumutugon sa at nauunawaan ng mga bata at kabataan, mga pamilya, kawani at mga boluntaryo ang mga patakaran at gawi sa pangangasiwa ng yamang-tao at mga epektibong proseso sa pangangasiwa ng mga reklamo. Ang mga proseso sa pangangasiwa ng mga reklamo ay iuugnay sa Code of Conduct at nagbibigay ng mga detalye tungkol sa kung saan nangyari ang mga paglabag sa Code. Ang pagsasanay ay tutulong sa kawani at mga boluntaryo na makilala at tugunan ang pagpapabaya, pag-aayos at iba pang anyo ng pinsala, magbigay ng angkop na suporta sa mga bata at kabataan sa mga pagkakataong ito at matugunan ang mga legal na kinakailangan. Kabilang dito ang pagsasanay upang makatulong sa pagtugon sa iba't ibang uri ng mga reklamo, mga pagsasaalang-alang sa pagkapribado, mga kasanayan sa pakikinig, pagsisiwalat ng mga kapahamakan at mga obligasyon sa pag-uulat.

Mga pangunahing lugar ng pagkilos:

- 6.1 Ang organisasyon ay may madaling ma-akses na patakaran sa paghawak ng reklamo na nakatuon sa bata na malinaw na binabalangkas ang mga papel at responsibilidad ng namumuno, kawani at mga boluntaryo, mga diskarte sa pagharap ng iba't ibang uri ng reklamo, mga paglabag sa mga nauugnay na patakaran o ng Code of Conduct at mga obligasyon sa pagkilos at pag-uulat.
- 6.2 Mga epektibong proseso sa paghawak ng reklamo ay nauunawaan ng mga bata at kabataan, mga pamilya, kawani at mga boluntaryo, at ligtas alinsunod sa kanilang kultura.
- 6.3 Ang lahat ng mga reklamo ay tinuturing na seryoso at tinutugunan kaagad at nang lubusan.
- 6.4 Ang organisasyon ay may nakalagay na mga patakaran at pamamaraan na tumutugon sa pag-uulat ng mga reklamo at ikinababahala sa nauugnay na awtoridad, nag-aatas man o hindi ang batas ng pag-uulat, at nagbibigay ng kooperasyon sa tagapagpatupad ng batas.
- 6.5 Ang mga obligasyon sa pag-uulat, pagkapribado at sa batas ng pagtatrabaho ay tinutugunan.

Mga tagapagpahiwatig na sinusunod ang prinsipyong ito:

- Ang mga kawani at boluntaryo ay may kaalaman tungkol sa kanilang mga papel at responsibilidad, mga obligasyon sa pag-uulat at pagkapribado at mga proseso para sa pagtugon sa mga pagsisiwalat. Nararamdaman nila na nagtataglay sila ng kapangyarihan at sinusuportahan upang makaakit ng pansin sa mga paglabag sa Code of Conduct sa loob ng organisasyon at upang hamunin ang mga pag-uugaling ito.
- Ang patakaran sa paghawak ng mga reklamo ay nagbibigay ng prayoridad sa kaligtasan at kapakanan ng mga bata at kabataan at kinikilala ang papel ng mga pamilya at komunidad sa pag-unawa at paggamit ng patakaran.
- Ang mga patakaran at pamamaraan ay nagpapakita ng pagsaalang-alang sa pagiging patas sa lahat ng mga partido sa isang reklamo o imbestigasyon kabilang ang suporta at impormasyon kung angkop.
- Ang mga kawani at boluntaryo ay may kaalaman sa iba't ibang paraan na ipinapahayag ng mga bata at kabataan ang mga ikinababahala o pagkabalisa at pagsisiwalat ng kapahamakan.
- Ang impormasyon tungkol sa lahat ng mga reklamo at ikinababahala, kabilang ang mga paglabag sa mga nauugnay na patakaran o ng Code of Conduct, ay tinatala at inaanalisa, kabilang sa kaugnayan nito sa mga proseso, mga iskedyul at mga gawi sa pagtatala at pagtatabi ng rekord. Ang mga sistemikong isyu o problema ay tinutukoy at nababawasan sa pamamagitan ng prosesong ito.
- Alam ng mga bata at kabataan kung sino ang kakausapin kung pakiramdam nila na hindi sila ligtas at alam nila kung ano ang mangyayari.
- Ang napapanahong feedback ay ibinibigay sa mga bata at kabataan, mga pamilya, kawani at mga boluntaryo na nagparating ng mga ikinababahala o reklamo. Kabilang dito ang pag-uulat pabalik tungkol sa mga insidente, ikinababahala at reklamo.

Prinsipyo 7

Ang kawani at mga boluntaryo ay mayroong kaalaman, kasanayan, at kamalayan upang panatilihin ang mga bata at kabataan sa pamamagitan ng patuloy na edukasyon at pagsasanay.

Artikulo 19 ng CRC: Ang mga bata ay may karapatan na protektahan sa kapahamakan at masamang pagtrato, kapwa sa katawan o pag-iisip.

Binibigyang-diin ng prinsipyong ito ang kahalagahan ng impormasyon, patuloy na edukasyon at pagsasanay para sa mga kawani at boluntaryo. Ginagamit ng kawani at mga boluntaryo ang kanilang kaalaman at mga kasanayan at mga tool sa mga gawing batay sa ebidensiya sa pamamagitan ng mga pampropesyonal na seminar at membership, pinapangasiwaang talakayan ng mga kasamahan sa trabaho, mga araw ng pagsasanay sa pangkat at akses sa pananaliksik at mga publikasyon. Sinisiguro nito na ang kawani at mga boluntaryo ay magkakaroon ng kamalayan at pananaw sa kanilang mga saloobin tungo sa mga bata at kabataan, at may kontemporaryong pag-unawa sa pagsulong, kaligtasan at kapakanan ng bata. Kaya nilang kilalanin ang mga tagapagpahiwatig sa kapahamakan ng bata, epektibong tumugon sa mga bata at kabataan at kanilang mga pamilya at suportahan ang kanilang mga katrabaho. Ang kawani at mga boluntaryo ay maaaring tumugon sa paraang angkop sa kultura sa mga bata at kabataan na nagsisiwalat o nagpapakita ng mga palatandaan na dumadanas sila ng kapahamakan sa loob o labas ng organisasyon.

Sinanay ang kawani at mga boluntaryo sa mga karapatan ng mga bata at kabataan kaugnay sa pagtatala at pagtatabi ng rekord, at ang mga posibleng paggamit at babasa ng mga rekord na maaaring likhain.

Mga pangunahing lugar ng pagkilos:

- 7.1 Ang kawani at mga boluntaryo ay sinanay at suportado upang epektibong isakatuparan ang patakaran ng organisasyon sa kaligtasan at kapakanan ng bata.
- 7.2 Ang kawani at mga boluntaryo ay nakatanggap ng pagsasanay at impormasyon upang makilala ang mga tagapaghiwatig ng kapahamakan sa bata kabilang ang pinsala na dulot ng ibang bata at kabataan.
- 7.3 Ang kawani at mga boluntaryo ay nakatanggap ng pagsasanay at impormasyon upang epektibong tumugon sa mga isyu sa kaligtasan at kapakanan ng bata at suportahan ang mga katrabaho na nagsiwalat sa kapahamakan o pinsala.
- 7.4 Ang kawani at mga boluntaryo ay nakatanggap ng pagsasanay at impormasyon kung paano magtatag ng mga kapaligirang ligtas alinsunod sa kultura para sa mga bata at kabataan.

Mga tagapagpahiwatig na sinusunod ang prinsipyong ito:

- Ang organisasyon ay nagbibigay ng mga regular na oportunidad upang turuan at sanayin ang kawani sa mga patakaran at pamamaraan sa kaligtasan at kapakanan ng bata at mga gawi na batay sa ebidensiya.
- Ang organisasyon ay nagbibigay ng isang sumusuporta at ligtas na kapaligiran para sa kawani at mga boluntaryo na nagsisiwalat ng kapahamakan o panganib sa mga bata at kabataan.
- Ang kawani at mga boluntaryo ay nakatanggap ng pagsasanay sa mga karapatan ng mga bata at kabataan kaugnay sa mga rekord na nilikha tungkol sa mga bata at kabataan at ang kanilang gamit.
- Nakikilala ng kawani at mga boluntaryo ang hanay ng mga tagapagpahiwatig ng kapahamakan sa bata.
- Ang kawani at mga boluntaryo ay epektibong tumutugon kapag nagkakaroon ng mga isyu sa kaligtasan at kapakanan ng bata o kaligtasan ng kultura.

Prinsipyo 8

Ang pisikal at online na mga kapaligiran ay nagtataguyod sa kaligtasan at kapakanan habang binabawasan nang mabuti ang mga oportunidad para mapahamak ang mga bata at kabataan.

Artikulo 17 ng CRC: Ang mga bata ay may karapatan upang makakuha ng impormasyon na mahalaga sa kanilang kapakanan mula sa radyo, mga diyaryo, libro, kompyuter at iba pang mga pinagmulan. Ang mga taong nasa hustong gulang ay dapat magsiguro na ang impormasyong nakukuha ng mga bata ay hindi nakakapinsala, at tutulungan sila na mahanap at maunawaan ang impormasyon na kailangan nila.

Binibigyang-diin ng prinsipyong ito na ang pagbabawas sa panganib ng kapahamakan sa mga pisikal at online na kapaligiran ay isang mahalagang mekanismo sa paghadlang. Nililinaw ng mga estratehiya sa pangangasiwa ng panganib ang mga potensiyal na panganib kung saan nangyayari ang mga interaksyon ng taong nasa hustong gulang at bata at mga interaksyon ng bata sa iba pang bata, o kung saan hindi ligtas ang pisikal na kapaligiran.

Ang mga teknolohikal na plataporma sa loob ng mga organisasyon ay nagbibigay ng mga mahahalagang tool sa edukasyon, komunikasyon at paghingi ng tulong. Ang mga panganib na nauugnay sa mga platapormang ito ay binabawasan nang lubos sa pamamagitan ng lahat ng kinakailangang paraan, kabilang ang: edukasyon sa mga bata at kabataan, mga magulang, kawani at mga boluntaryo tungkol sa mga inaasahan ng pag-uugali online; ang paglapat ng mga pangkaligtasang filter; at mga protokol sa komunikasyon.

Mga pangunahing lugar ng pagkilos:

- 8.1 Kinikilala at binabawasan ng kawani at mga boluntaryo ang mga panganib sa mga online at pisikal na kapaligiran na hindi kinokompromiso ang karapatan ng bata sa pagkapribado, pag-akses ng impormasyon, mga koneksyon sa mga kaibigan at kakilala at mga oportunidad upang matuto.
- 8.2 Ang online na kapaligiran ay ginagamit alinsunod sa Code of Conduct at patakaran at mga gawi sa kaligtasan at kapakanan ng bata ng organisasyon.
- 8.3 Ang mga plano sa pangangasiwa ng panganib ay nagsasaalang-alang sa mga panganib na ibinibigay ng mga setting, aktibidad, at pisikal na kapaligiran ng organisasyon.
- 8.4 Ang mga organisasyon na nakikipagkontrata sa mga pasilidad at serbisyo mula sa mga ikatlong partido ay may mga patakaran sa pagkuha ng serbisyo na nagsisiguro sa kaligtasan ng bata at kabataan.

Mga tagapagpahiwatig na sinusunod ang prinsipyong ito:

- Ang estratehiya sa pangangasiwa ng panganib ng organisasyon at tumutugon sa mga pisikal at online na panganib, kabilang ang mga panganib na mula sa mga interaksyon ng bata sa ibang bata at taong nasa hustong gulang sa bata, at sa kalagayan at katangian ng mga pisikal na espasyo.
- Ang mga patakaran ng organisasyon ay nagtataguyod sa paggamit ng ligtas na mga application online upang ang mga bata at kabataan ay matuto, magpahayag at humingi ng tulong.
- Isinasaalang-alang ng organisasyon ang mga paraan kung paano maitataguyod ng pisikal na kapaligiran ng kaligtasan ng kultura.
- Ang kawani at mga boluntaryo ay proactive sa pagkilala at pagbabawas nang lubos sa mga pisikal at online na panganib.
- Ang kawani at mga boluntaryo ay nag-aakses at gumagamit sa mga online na kapaligiran alinsunod sa Code of Conduct at nauugnay na protokol sa komunikasyon ng organisasyon.
- Ang mga bata at kabataan at kanilang mga pamilya ay binigyang-alam, sa mga paraang angkop sa kanilang kultura, tungkol sa paggamit ng teknolohiya at mga pangkaligtasang tool ng organisasyon.
- Ang mga ikatlong partidong kontraktor para sa paglalaan ng mga pasilidad at serbisyo ay may nakalagay na mga angkop na hakbang upang masiguro ang kaligtasan at kapakanan ng mga bata at kabataan.

Prinsipyo 9

Ang pagpapatupad ng mga pambansang prinsipyo sa ligtas na bata ay regular na susuriin at papahusayin.

Artikulo 29 ng CRC: Ang edukasyon ng bata ay dapat tumulong sa kanilang gamitin at isulong ang kanilang mga talento at kakayahan. Dapat rin itong tumulong sa kanila na matutong mamuhay nang payapa, protektahan ang kapaligiran at galangin ang ibang tao.

Binibigyang-diin ng prinsipyong ito na patuloy na magsusumikap ang mga organisasyong ligtas sa bata upang mas mapabuti ang kanilang paghahatid ng mga serbisyong ligtas sa bata at sa kanilang mga pagpapatakbo ng organisasyon. Magsasagawa rin sila ng mga pagsusuri upang masiguro na ang mga patakaran at pamamaraan ng organisasyon, kabilang ang mga gawi sa pagtatala at pagtatabi ng rekord, ay isinasakatuparan ng kawani at mga boluntaryo. Ang pagsali at pagkasangkot ng kawani, mga boluntaryo, mga bata at kabataan, mga pamilya at mga mentor ng komunidad sa mga pagsusuring ito ay magpapatibay sa mga kapasidad ng organisasyon sa pagprotekta ng bata. Kabilang dito ang kahalagahan ng pag-ulat sa mga resulta ng pagsusuri, at regular na pagbabahagi ng mga mabubuting gawi at natututunan. Sinisiguro ng mga regular na pagsusuri na tinutugunan ng mga organisasyon ang mga bagong hamon o ikinababahala na maaaring dumating.

Mga pangunahing lugar ng pagkilos:

- 9.1 Ang organisasyon ay regular na nagsusuri, nagtatasa at nagpapabuti sa kanilang mga gawi sa kaligtasan ng bata.
- 9.2 Sinusuri ang mga reklamo, ikinababahala at mga insidenteng nauugnay sa kaligtasan upang matukoy ang mga sanhi at mga sistemikong kabiguan upang magamit ang natutunan sa patuloy na pagpapahusay.
- 9.3 Nag-uulat ang organisasyon sa mga resulta ng nauugnay na pagsusuri sa kawani at mga boluntaryo, komunidad at mga pamilya at mga bata at kabataan.

Mga tagapagpahiwatig na sinusunod ang prinsipyong ito:

- Hinihingi ng organisasyon ang pagsali ng mga bata at kabataan, mga magulang at mga komunidad sa kanilang mga regular na pagsusuri sa mga patakaran, pamamaraan at mga gawi sa kaligtasan at kapakanan ng bata.
- Ang mga tagapagpahiwatig ng kaligtasan at kapakanan ng bata ay kasama sa dokumentasyong ginamit sa mga pagsusuri.
- Ang mga kinahihinatnan ng pagsusuri ay isinasaalang-alang at isinasakatuparan upang mas mapabuti ang mga gawi sa kaligtasan ng bata.
- Ang regular na pag-aanalisa ng mga reklamo ay nagpapakita ng pagpapabuti sa mga gawi sa kaligtasan ng bata.

Prinsipyo 10

Ang mga patakaran at pamamaraan ay nagdodokumento sa kung gaano kaligtas ang organisasyon para sa mga bata at kabataan.

Artikulo 4 ng CRC: Ang mga organisasyon ay may responsibilidad upang masiguro na ang mga karapatan ng bata ay pinoprotektahan. Makakatulong ito sa mga pamilya na protektahan ang mga karapatan ng mga bata at lumikha ng kapaligiran kung saan maaaring lumaki at maabot ng bata ang kanyang potensiyal.

Binabalangkas ng prinsipyong ito ang kahalagahan ng mga organisasyon sa pagtataglay ng malinaw na nakadokumentong patakaran sa kaligtasan at kapakanan ng bata. Sinisiguro nito na ang lahat ng mga stakeholder, kabilang ang kawani at mga boluntaryo ng organisasyon, mga bata at kabataan at mga pamilya at tagapag-alaga nila, ay alam kung paano pinaplano ng organisasyon na matugunan ang kanilang mga obligasyon upang lumikha ng kapaligiran na ligtas para sa mga bata. Ang mga kasosyong ahensiya o mga organisasyon na pinondohan upang magbigay ng mga serbisyo sa mga bata at kabataan ay dapat magpakita ng pagsunod sa mga patakaran at gawi para sa kaligtasan at kapakanan ng bata.

Ang pagdokumento ng mga patakaran at mga pamamaraan ay nagsisiguro sa hindi pabagu-bagong pagsagawa ng mga gawi sa kaligtasan ng bata sa kabuuan ng organisasyon. Binibigyang-daan rin nito ang mga organisasyon upang siyasatin, sa pamamagitan ng mga proseso sa pagsusuri ang pagsunod sa mga prinsipyo at gawi sa kaligtasan at kapakanan ng bata.

Mga pangunahing lugar ng pagkilos:

- 10.1 Ang mga patakaran at pamamaraan ay tumutugon sa lahat ng mga pambansang prinsipyo sa kaligtasan ng bata.
- 10.2 Ang mga patakaran at pamamaraan ay nakadokumento at madaling maunawaan.
- 10.3 Ang mga modelo sa pinakamahusay na gawi at pakikipagkonsulta sa stakeholder ay nagbibigay-alam sa pagbuo ng mga patakaran at pamamaraan.
- 10.4 Ang mga namumuno ay nagtatanggol at nagmomodelo sa pagsunod sa mga patakaran at pamamaraan.
- 10.5 Nauunawaan ng kawani at mga boluntaryo at isinasakatuparan ang mga patakaran at pamamaraan.

Mga tagapagpahiwatig na sinusunod ang prinsipyong ito:

- Ang patakaran ng organisasyon sa kaligtasan at kapakanan ng bata ay komprehensibo at tumutugon sa lahat ng sampung Prinsipyong ito.
- Ang patakaran at mga pamamaraan ng organisasyon sa kaligtasan at kapakanan ng bata ay nakadokumento sa isang wika at format na madaling maintindihan at madaling ma-akses ng kawani, mga boluntaryo, mga pamilya at mga bata at kabataan.
- Ang mga audit ng mga patakaran at pamamaraan ng organisasyon ay nagbibigay ng ebidensiya kung paano ligtas sa bata ang organisasyon sa pamamagitan ng pamamahala, namumuno at kultura niya.
- Ang gawi sa loob ng organisasyon ay hindi pabagu-bago sa lahat ng bahagi nito at sumusunod sa mga patakaran at pamamaraan sa kaligtasan ng bata na alinsunod sa kanilang kultura.
- Ang mga panayam o survey ng mga bata at kabataan, mga pamilya at mga miyembro ng pamilya at nagpapakita ng tiwala sa at kaalaman sa mga patakaran at pamamaraan ng organisasyon sa pagtaguyod ng kulturang ligtas para sa bata.
- Ang mga survey ng ehekutibo, kawani at mga boluntaryo ay nagpapakita ng mataas na antas ng pag-unawa sa mga patakaran, pamamaraan at mga hinihinging gawi ng organisasyon.

Inutusan ang Australian Human Rights Commission ng Department of Social Services ng Pamahalaan ng Australia upang mamuno sa mga konsultasyon at pagbuo ng Mga Pambansang Prinsipyo para sa Mga Organisasyong Ligtas sa Bata. Ang layunin ay upang magtatag ng kultura sa lahat ng mga setting ng organisasyon upang itaguyod ang kaligtasan at kapakanan ng mga bata at kabataan.

Patuloy ang pagtatrabaho kasama ng mga organisasyon sa pambansang sektor sa pagsasakatuparan ng Mga Pambansang Prinsipyo at pagbuo ng mga nauugnay na rekurso.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Mga Organisasyong Ligtas sa Bata, mangyaring pumunta sa:

<https://childsafe.humanrights.gov.au/>

Kontakin: childsafe@humanrights.gov.au

Para sa karagdagang impormasyon sa National Office for Child Safety pumunta sa:

<https://pmc.gov.au/domestic-policy/national-office-child-safety>

Kontakin: NationalOfficeforChildSafety@pmc.gov.au